# *Magkita Tayo sa Pantalan: Ang Pagbuo ng mga Beki sa Kanilang mga Lugar at Espasyo sa Bayan ng San Nicolas*

Madilene B. Landicho
University of the Philippines Diliman

Sa papel na ito ay ilalarawan ang mga ginagawang pagbuo ng sariling espasyo ng mga beki sa bayan ng San Nicolas sa Batangas na maaaring tingnan gamit ang konsepto ng queer spaces ni Gieseking (2020). Ito ay tumutukoy sa mga pamamaraan kung paanong ang grupo ng mga beki ay bahagi at naglalarawan ng bagong pag-unawa sa iba't-ibang mga lugar na bahagi ng bayan (place-making practices) tulad ng pantalan upang makabuo ng tinawag naman ni Halberstam (2005) na queer counterpublics. Ilan sa mga titingnan ay ang mga gawain at lugar na inilalarawan ng mga terminong rampa/pagrampa, pantalan at/o baywalk, tambayan at inuman.

Ilalahad din ang naging halaga ng pagbuo ng mga beki sa organisasyong kasalukuyan nilang tinatawag na LGBT San Nicolas na makikitang isang pamamaraan ng mga beki sa bayan upang umukit ng isang natatanging espasyong laan sa kanila. Ang organisasyon ang inaasahang magtataguyod sa kanilang mga pangangailangan at karapatan sa komunidad. Ito ay maaari namang tingnan bilang isang halimbawa ng tinutukoy na "queer practice of producing space" ni Gieseking (2020). Dito ay makikita ang halaga ng kanilang kaalaman sa paglugar sa komunidad na siyang gumagabay sa kanilang paraan ng pakikisalamuha sa iba pang mga tao sa bayan.

Keywords: *queer spaces, counterpublics, pantalan, pagrampa, inuman, beki*

Si Madilene B. Landicho ay Assistant Professor sa UP Departamento ng Antropolohiya. Nagtapos siya ng BA at MA Anthropology sa parehong institusyon. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay nakatuon sa kasarian at sekswalidad, antropolohiya ng katawan, aralin sa Timog-Silangang Asya, kaalamang-bayan at etnolinggwistiks. *Email: mblandicho@up.edu.ph*

## PANIMULA

### *Ang mga Beki ng San Nicolas*

Buwan ng Setyembre noon, ilang linggo bago ang piyesta ng bayan nang una kaming magkadaupang palad ng mga beki. Ang mga beki ay grupo ng mga kabataang may kasariang hindi pasok sa striktong kategorya ng babae at lalaki lamang. Ang terminong ito ay nakaugnay sa terminong bakla[1] na ginamit sa mga naunang pag-aaral na ginawa nina Garcia (2008), Manalansan (2003) at Tan (1998, 1999) at madalas na naisasalin sa Ingles bilang gay, transgender women o queer (Briones 2011; Ho, 2006; ILGA-Europe, 2014). Beki ang narinig kong madalas na tawagan nila sa isa't-isa kung kaya naman ito rin ang ginamit kong tawag para sa kanila. Isa rin itong pagmamarka nang pagiging partikular ng kanilang mga karanasan sa komunidad na kanilang kinabibilangan at ng panahon kung kailan ginawa ang pag-aaral. Sa kabuuan ng pag-aaral ay tatlumpong mga beki ang aking nakadaupang-palad. Magkakaiba ang itsura at gawi ng mga beki subalit malay sila sa kanilang pagiging "iba sa iba". Marami sa kanila ang nagsabing bata pa lamang ay alam na nila ang bagay na ito sa kanilang sarili at alam din daw ito ng kanilang pamilya. Halos kalahati sa kanila ay mga hair and make-up artist at ang iba naman sa kanila ay mga staff sa isang catering business. May ilang din sa kanilang nagtatrabaho bilang sales marketing agent at may dalawa sa kanila na staff sa munisipyo sa bayan.

Sa aking ginawang pananaliksik para sa aking thesis[2] ay nilayon kong ilarawan ang iba't-ibang aspekto ng pang-araw-araw na buhay ng mga beki. Ang pangunahin kong dahilan sa pagpili sa kanila bilang grupong bibigyang tutok sa pag-aaral ay ang pagnanais kong makapagdagdag sa kakaunti pa lamang na mga naisulat na pag-aaral tungkol sa grupo na hindi nakatuon sa kanilang kasarian o sekswalidad lamang.

Sa unang bahagi ng aming pagkakakilala, isang lugar sa bayan ang naging palagian naming tagpuan – ang pantalan na bahagi ng tinatawag ngayong baywalk. Batay sa kuwento ng mga beki, ang pantalan ang isa sa mga lugar na pinakamadalas nilang tinatambayan. Dito daw sila nagkikita-kita sa hapon o gabi upang magpalipas ng oras. Bukod sa pantalan ay may ilan pang piling mga lugar kung saan matatagpuan ang mga beki katulad halimbawa ng bahay ng isa sa kanilang kagrupo na madalas maging venue o lugar para sa inuman. May mga pagkakataon rin na umaalis sila na walang espisipikong lugar na patutunguhan – ito ang mga pagkakataon kung kailan lumalabas sila nang magkakasama para rumampa at/o umawra (tumutukoy sa pag-aayos ng sarili at paglalakad sa labas o pagpunta sa isang lugar upang makakuha ng atensyon mula sa mga taong nais nilang mabighani).

Sa papel na ito ay ilalarawan ang pagbubuo ng sariling espasyo ng mga beki na maaaring ihalintulad sa tinatawag na queer spaces ni Gieseking (2020). Ito ay tumutukoy sa mga pamamaraan kung paanong ang grupo ng mga beki ay bahagi at naglalarawan ng bagong pag-unawa sa iba't-ibang mga lugar na bahagi ng bayan tulad ng pantalan (place-making practices) upang makabuo ng tinawag naman ni Halberstam (2005) na queer counterpublics. Ilan sa mga titingnan ay ang mga gawain at lugar na inilalarawan ng mga terminong rampa/pagrampa, pantalan at/o baywalk, tambayan at inuman.

Ilalahad din ang naging halaga ng pagbuo ng mga beki sa organisasyong kasalukuyan nilang tinatawag na LGBT San Nicolas na makikitang isang pamamaraan ng mga beki sa bayan upang umukit ng isang natatanging espasyong laan sa kanila. Ang organisasyon ang inaasahang magtataguyod sa kanilang mga pangangailangan at karapatan sa komunidad. Ito ay maaaring tingnan bilang isang halimbawa ng tinutukoy na "queer practice of producing space" ni Gieseking (2020). Dito ay makikita naman ang naging halaga ng kanilang kaalaman sa

paglugar na gumagabay sa kanilang paraan ng pakikisalamuha sa iba pang mga tao sa bayan.


## Lunan ng Pananaliksik at mga Metodong Ginamit

*Ang Bayan ng San Nicolas*

Ang San Nicolas ay isang bayan sa probinsya ng Batangas. Ang bayan ay dating bahagi ng karatig na bayan ng Taal subalit taong 1955 ay naitatag bilang hiwalay na bayan. May lawak itong 14.37 kilometro-kuwadrado (Municipality of San Nicolas, 2018) at populasyong nasa 23,908 noong taong 2020 (Philippine Statistics Authority [PSA] 2020). Ang bayan ay napapalibutan ng lawa ng Taal at dalawa sa labing-walong mga barangay na nasasakupan nito, ang mga barangay ng Alas-as at Pulang Bato ay nasa mismong paanan ng aktibong bulkan. Matapos ang pagputok ng bulkan noong Enero 12 ng taong 2020, tuluyang ipinagbawal ang paninirahan sa dalawang nabanggit na mga barangay at ang dating mga naninirahan dito ay permanente nang inilipat sa Barangay Talaibon sa bayan ng Ibaan. Ang pagiging prominente ng bulkan at lawa sa paligid ng bayan marahil ang dahilan kung kaya marami sa mga kaalamang bayan na mayroon ang mga taga- San Nicolas ay nakaugnay sa lawa at sa bulkan (tingnan ang Dalisay & Landicho, 2018).

Walang sariling pamilihan sa bayan kung kaya naman pumupunta pa sa kalapit na bayan ng Lemery ang mga mamamayan upang mamalengke. Mayroong ilang maliliit na tindahan ng mga isda, mga gulay at mga lutong ulam sa bayan. Mayroon na ring ilang mga kainan malapit sa simbahan at sa kahabaan ng baywalk. Dalawang taon pa lamang ang nakakaraan nang simulang ayusin ang daan sa tabi ng lawa upang magkaroon ng baywalk. Dati nang may pantalan malapit sa

munisipyo subalit sa kasalukuyan ay sementado na ang bahaging ito na nagsilbi nang daan patungo sa iba pang mga barangay sa bayan. Ang pagbabagong ito ay sinimulan upang paghandaan ang inaasahang papausbong na turismo sa bayan.




PIG. 1. *Namamarkahan ng pula at pinagdudugtong ng asul na double-headed arrow (sarili kong dagdag na element sa mapa ang huli) ang bahaging nasasakupan ng bayan ng San Nicolas. Larawan mula sa Google Maps.*

Ang San Nicolas ay kasama sa mga bayang nag-aambag sa populasyon ng mga Pilipinong naghahanapbuhay sa ibang bansa, ang mga Overseas Filipino Workers (OFW). Ang CALABARZON o Region IV-A kung saan kasama ang probinsya ng Batangas ang siyang may pinakamalaking bahagdan ng populasyon na nangingibang-bansa sa 17.9 porsiyento% (PSA, 2019). Ang nasabing pagbabago sa uri ng hanapbuhay ay nagdulot rin ng malaking pagbabago sa paraan ng

pamumuhay ng mga tao sa at sa pisikal na anyo ng bayan. Mapapansin ang mga naglalakihang bahay na sumisimbolo sa mga naipundar ng mga matagal nang nagingibang-bayan.

Masasabing nananatiling nakaangkla sa mga tradisyunal na kaalaman at gawain ang komunidad sapagkat mataman pa rin ang pagsunod sa mga ito katulad halimbawa ng pagdiriwang at paghahanda sa piyesta, pag-alala at padasal sa mga namatay o ang baysanan o pakain sa komunidad kapag may kasalan. Kaugnay nito, mataman pa rin ang pagtalima sa nakasanayang gender norms kung kaya't may mga pagkakataon pa rin na nakakaranas ng pagtatawa, pagbibiro at panghuhusga ang mga taong hindi matamang sumusunod dito katulad na lamang ng mga beki. Halimbawa, ang mga gawaing itinuturing na pambabae katulad ng pagpapaganda, pagpapahaba ng buhok, pangangasiwa sa tahanan, o pagiging mahinay sa pagkilos ay pawang mga pagkilos na inaasahan sa mga babae dahil sa kanilang kasarian. Ang paghahanapbuhay, madalas na pakikipag-inuman, pagpapakita ng lakas o pwersa at madalas na paglabas sa tahanan ay pawang inaasahan sa o nakasanayang kilos ng mga kalalakihan. Ang mga beki ay may mga pagkilos na hindi nakakahon sa pagiging lalaki bagaman at pagkapanganak sa kanila ay itinuring silang mga lalaki. Madalas ay ginagawa nila ang mga gawaing nabanggit sa itaas na inaasahan mula sa mga babae katulad ng pangangasiwa ng tahanan, pagpapaganda, o ang pagiging malamya o malambot ng kilos (kung ihahambing sa kinasanayang kilos ng mga kalalakihan). Ang ganitong mga pagkilos ang madalas na dahilan kung kaya't nagiging tampulan ng tukso o panghuhusga ang mga beki.



PIG. 2. *Ang dating pampang ay ginawang sementado at ngayon ay bahagi na ng baywalk. Ang larawan ay kuha ng mananaliksik.*

## *Mga Metodong Ginamit sa Pananaliksik*

Mahigit sa tatlumpo ang mga beking nakasalamuha ko sa paggawa ng pananaliksik. Kalahati sa kanila ay naging mas malapit sa akin dahil sila ang mas nakasama ko nang mas madalas at nakakausap sa ilang mga paglabas upang kumain at uminom. Bukod sa mga impormal na pag-uusap at kwentuhan, nakagawa ako ng 16 na indibidwal na interbyu (Rapley, 2007) at tatlong focus group discussions (FGD) (Macnaghten at Myers, 2007) kasama ang ilang mga miyembro ng grupo. Para sa partikular na papel na ito, binalikan ko ang mga transcript mula sa mga isinagawang interbyu at mga FGD at ginamit ang NVivo software upang hanapin ang mga bahagi ng materyal na naglalarawan ng mga mahahalagang gawain at/o lugar na matingkad na bahagi ng buhay ng mga beki sa bayan. Dagdag sa mga datos

na mula sa mga transcript, ginamit ko rin ang aking mga sariling karanasan at obserbasyon sa mahigit tatlong taong pakikipag-ugnayan sa grupo upang makapagbigay ng interpretasyon sa kanilang pag-unawa, pagdanas at pagbuo ng mga bagong espasyo sa bayan (Delamont, 2007).

*Mga Konsiderasyong Etikal*

Bago sinimulan ang pag-aaral, sinigurado ko munang naipaliwanag ko ang aking mga layunin sa bawat beki na naging bahagi ng pananaliksik at naiintindihan nila ang aking mga layunin at ang lawak at limitasyon ng aking ginagawang pag-aaral. Nilinaw ko sa kanila na anumang impormasyong ibabahagi nila sa akin ay gagamitin lamang para sa pag-aaral at anumang kanilang ibinahagi na hiniling nilang huwag isama bilang datos ay mananatiling sa pagitan lamang namin. Bagaman at may pahintulot mula sa mga beki na ilahad ang kanilang mga pangalan, minabuti kong gumamit ng mga alyas upang panatilihan ang pagiging pribado ng kanilang mga identidad at hindi tuwirang maiugnay sa kanila ang anumang impormasyong ilalahad sa artikulo.

## Ang Pagbuo ng mga Beki sa Kanilang Lugar at Espasyo sa Bayan

Nagiging makabuluhan ang isang bagay, lugar o pangyayari para sa isang grupo ng mga tao kung ito ay bahagi ng kanilang kolektibong karanasan. Makikita ang bagay na ito sa naging halaga ng paggamit ng salitang bakla para sa grupong nagsasalita nito. Ang pagkakaroon ng ganitong sosyolek ang nagpahigpit sa pagkakabuklud-buklod ng mga miyembro ng grupong gumagamit nito dahil sa pamamagitan nito ay naibabahagi nila ang mga karanasang hindi tanggap o hindi nauunawaan ng ibang mga tao sa paligid nila (Abaya at Hernandez, 1998).

Katulad nang makikita sa paggamit ng salitang bakla, ang pagiging bakla o beki ay naglalagay sa isang tao sa isang posisyong sosyal kung saan mahalaga ang pagkakaroon ng lakas at tatag ng loob dahil sa hindi pantay na pagtrato ng lipunan sa mga taong hindi pasok sa gender binary. Ang katayuang sosyal na ito ang maaaring pangunahing dahilan kung kaya at ang mga beki ay mayroong magkakaparehong karanasan na siyang nagbibigay ng bagong pagpapakahulugan at pagpapahalaga sa ilang mga lugar o espasyo sa bayan. "Queer space" ang tawag ni Halberstam (2005, p.29) sa mga espasyo o lugar na ito na nabubuo mula sa pagtatagpo ng mga bumubuo sa grupo. Mula sa mga gawaing ito ay nakakagawa ng bagong pag-unawa sa mga lugar dahil sa pagkakabuo ng tinawag niya namang "queer counterpublic".

Para kay Gieseking (2020, p. 944), ang mga queer space ay nabubuo nang nakaayon at sa parehong pagkakataon ay nakasalungat din sa mga mas nananaig na mga halagahin at namamayaning paraan ng pamumuhay sa komunidad.

Sa susunod na bahagi ng papel ay makikita kung paanong nagiging espasyong laan para sa mga beki ang mga lugar tulad ng pantalan, rampahan, at inuman sa pamamagitan ng paglalarawan sa iba't-ibang gawaing nagaganap sa mga espasyong ito. Ang pagsuri sa mga salita o terminong ito ay hindi lamang isang paraan ng pagmamapa ng mga lugar na madalas na okupahin ng mga beki sa bayan kung hindi susi rin ito sa paglalarawan ng uri ng buhay na mayroon sila. Maaaring repleksyon din ang mga ito ng kanilang mga alalahanin, agam-agam, mga aspirasyon, pagpapahalaga at uri ng ugnayang mayroon sila sa isa't-isa at sa iba.



PIG. 3. *Isang bahagi ng pantalan/baywalk kung saan madalas na nakatambay ang mga beki. Ang larawan ay kuha ng mananaliksik.*

*Pantalan at baywalk*

Ang pantalan ay matatagpuan sa isang bahagi ng bayan sa Barangay Poblacion. Ito ay isang sementadong istruktura na nasa pagitan ng pampang at ng lawa. Sa kabilang banda ng lawa at pantalan ay makikita ang munisipyo ng bayan at katabi nito ang sunud-sunod na istasyon ng bumbero, pulis at ang isang istrukturang nagsisilbing pamilihan ng bayan. Ang pantalan ay ginagamit noon bilang daungan ng mga bangkang pangisda gayundin ng mga mas malalaking bangkang kinakargahan ng mga patuka para sa mga alagang isda sa mga fish cage. Ang mga bangka rin ang sinasakyan ng mga mamamayang naninirahan sa pulo o isla, sa mga barangay na nasa paanan ng Bulkang Taal. Nagkaroon din ng panahon na sa pantalan sumasakay ang mga turistang nais makarating sa bulkan.

Ilang taon pa lamang ang nakakalipas nang magsimulang magbago ang itsura ng pantalan. Mula sa pagiging daungan at himpilan ng mga bangka, ang pantalan ay sinimento at nilagyan ng mga barandilya, ilaw at mga upuan. Mas kilala na rin ang lugar sa tawag na baywalk sa kasalukuyan subalit sa lumawak ang nasasakupan nito, kasali na ang kahabaan ng bagong gawang sementadong daan sa tabi ng lawa. Dati ang bahaging ito ay ang isang mahabang pampang na katapat ng iba't-ibang mga barangay na napapalibutan ng lawa. Ang pagbabagong-anyo ng lugar ay nagdulot rin ng mga bagong aktibidad na isinasagawa dito tulad ng pagbibisikleta, pag-eehersisyo – paglalakad, pagtakbo, pagsayaw ng Zumba at pagpu-food trip sa mga bagong tayong food stall sa kahabaan ng baywalk.

Matagal nang maraming gamit at kahulugan ang pantalan o baywalk para sa mga beki bago pa man ito naging popular na puntahan para sa ibang tao, mamamayan man ng San Nicolas o maging ng mga karatig na bayan. Minsan ay sa pantalan muna magkikita-kita ang mga beki bago pumunta sa ibang lugar pero madalas na ito talaga ang balak nilang tunguhin upang tumambay kasama ang mga kaibigan o magpalipas oras. Para kay Dianne, 30, breadwinner at kumikita sa pagki-cater at pagkanta sa mga okasyunan o selebrasyon sa bayan, dito madalas na magyaya ang kanyang mga pamangkin upang magmeryenda. Para kay Kaye, 29, ang pantalan naman ay lugar kung saan sila nagkikita ng kanyang jowa o kasintahan. Para kay Mela, 18, ang pantalan ay lugar kung saan malaya niyang nailalabas ang kanyang emosyon. Minsan na raw niyang isinigaw dito ang kanyang hinanakit sa tatay niyang hindi tanggap ang kanyang pagiging beki. May ilang pagkakataon raw na dito siya pumupunta upang takasan ang ama. Sumasaya daw ang kanyang pakiramdam dahil dito ay nakakasama niya ang kanyang mga kaibigang nahihingahan niya ng sama ng loob. Narito ang bahagi ng aming usapan (R – researcher; I – informant):

R: Oo. So sabi niyo kanina parang napansin ko very significant, very important tong pantalan sa inyo...

I: Opo

R: Bakit?

I: Memories po kasi ito kasi po hindi po talaga ito ganito dati. Kasi po itong lawang to hanggang don pa po sa may ilaw na yon, maluwang pa po yan. Eh noong napaganda po, so lalo po akong nanibago, lalo po akong nasiyahan dahil sa sobrang ganda na po nito. Dinadayo. Natutuwa din naman po kami sinisikap din ng San Nicolas na... (mapaganda ang bayan).

R: So kumbaga naging tambayan niyo na?

I: Opo.

R: Dito kayo madalas nagkikita-kita?

I: Ng ibang bakla...

I: Pero kami po talaga pag lumabas sila siyempre sama na din ako lumabas kasi magkapitbahay lang kami (ng ibang miyembro).

R: Tas diretso dito, madalas?

I2: Opo. Kung may problema dito lahat, sisigaw... isisigaw ang problema...

*Pagrampa*

Kaiba sa pantalan o baywalk na isang permanenteng lugar na madalas na ginagawang tambayan ng mga beki, ang rampa o pagrampa ay tumutukoy naman sa paglabas o pag-alis papunta sa isang hindi tukoy na lugar. Ginagawa nila ito nang minsan o higit pa sa isang linggo, kadalasan ay sa mga araw na wala silang hanapbuhay. Ang nangyayari sa isang rampa ay biglang magkakayayaan ang grupo na umalis at magkakasama silang pupunta sa isang mapagkakasunduang lugar sakay ng motor. Hindi lahat ng mga miyembro ay may sariling motor kung kaya

naman magkaka-angkas sila upang magkasya sa kung ilan lamang na mga motor ang madadala sa lugar kung saan nais nilang rumampa. Pangunahing dahilan nang pagrampa ay upang ipresenta ang sarili (kahalintulad sa tinatawag ni Goffman na presentation of self (1956)) kung kaya marami sa mga beki ang sinisigurong naka-make-up sila at presentable ang itsura sa tuwing rumarampa. Sentral sa pagiging presentable ang pagiging maganda o ang ganda, isang katangiang mahalaga para sa mga beki na hindi lang tumutukoy sa magandang mukha kundi sa kabuuang pagdadala ng sarili (tingnan sina Johnson (1995) at Cannell (1999) para sa kaugnay na pag-aaral).

Masasabing ang pagrampa ay isang paraan upang mapunuan ng mga beki ang kanilang mga pangangailangang personal na nagdudulot sa kanila ng masarap at masayang pakiramdam, mga bagay na napakahalaga para sa grupo ng mga tao na hindi sanay na nakakatanggap ng papuri o ng mga positibong pagpuna. Sabi ni Vera, 32 taong gulang, gusting-gusto nya ang pakiramdam na nakatingin sa kanya ang mga tao, pinapalakpakan sya at humahanga sila sa kanya. Ito ang dahilan kaya sya nahilig sumali sa mga beauty contest o byukon kung saan bahagi ng programa ay ang literal na pagrampa sa entablado. Masarap daw sa pakiramdam na alam mong natutuwa ang mga tao sa ipinapakita mo at na nabibigyan ka ng pagkakataong ipakita sa komunidad ang mga katangian mo at husay bilang tao.



PIG. 4. *Ang ilang mga beki ay kasali sa pagrampa sa patimpalak na Ms. Gay San Nicolas, isa sa mga programa sa gabi ng piyesta ng bayan. Ang larawan ay kuha ng mananaliksik.*

Isa pang layon sa pagrampa ay ang makakilala ng mga lalaking potensyal na maging kasintahan o kaseks. Booking ang tawag nila sa transaksyon kung saan kapalit nang maliit na halagang ibibigay nila ay mabilisang seks. Subalit dahil sa pagiging panandalian at kawalang kasiguraduhan ng mga ganitong ugnayan, marami sa mga beki ay naghahanap ng mas permanenteng karelasyon. Katunayan madalas na tinatawag na maganda at mahaba ang buhok (maswerte) ng ilan sa mga beking may mga asawa o kinakasama sa bahay. Maaaring sabihin na ang pagrampa ay isang aktibidad na katulad ng binabanggit ng ilang mga nakapanayam ni Gieseking (2020) na mga gawain at/o espasyong "fleeting", "precarious", at "intangible" kung kaya kinakailangan nilang baguhin ang anyo at oryentasyon ng kanilang heograpiya (p.949). Narito ang usapan namin nina Martha, 26 at Tina, 36, tungkol sa isang eksena sa kanilang pagrampa:

Ayon kay Martha:

I: Rampa rampa kung saan-saan

R: Anong...paanong rampa rampa? Nagdadala kayong motor?

I: Opo stroll stroll

R: San kayo naabot?

I: Ano, noong nakaraan, inabot namin yung... di ako kasi kasama noong nagpunta silang Tagaytay tapos tinatawagan ako ni Vera, punta daw kami ng Laurel eh tinatamad ako pagod na pagod pa... Pero noong magkakasama kami, kompleto kami sa Laurel... sa Ambon-ambon...

Halos pareho nito ang ibinahagi ni Tina:

I: Ayun, nagme-make-up, rampa rampa kami.

R: Rampa... Anong ibig sabihin ng rampa rampa?

I: Gala-gala po sa iba-ibang..

R: Saan?

I: Makahanap ng lalaki, punta tayo doon sa barangay na yon... Maraming lalaki don...

R: Saang barangay?

I: Sa iba-iba po.

Bagaman at nabanggit sa taas na nagdudulot ng masarap na pakiramdam ang rampa, ang pagiging panandalian nito at ang kawalan ng mga laan at/o permanenteng lugar para sa pagsasagawa nito ang nagdudulot ng posibleng panganib at pangamba sa mga beki. Isang beses, nakiwento nila sa akin na sa isang madilim na bahagi ng isang highway sa karatig-bayan ay maaaring rumampa upang makakuha ng booking. Bagaman at hindi nila tuwirang sinabi ang nadaramang

pangamba sa pagpunta sa mga lugar na katulad nito, para sa akin, isang senyales na mayroon silang ganoong nararamdaman ay ang pagtungo sa lugar na iyon nang may kasamang isa o higit pang mga kaibigang beki. Bukod dito, madalas na ipinaaalam nila sa isa't-isa kung saan ang lakad o rampa nila at kinabukasan ay siguradong may magaganap na kamustahan kung tagumpay ba ang naganap na pagrampa.

*Inuman*

Ang inuman ay isang mahalagang bahagi ng mga pagtitipon sa maraming mga komunidad sa Pilipinas. Ito ay maaaring isang pagkakataon upang pagtibayin ang social status at palawakin ang impluwensya ng isang tao, katulad ng napansin ni Frake (1964) sa pag-inom ng gasi ng mga Subanon. Sinabi pa niyang ang inuman ay nagiging daan upang magpakita ng husay sa pananalita ang mga leader ng komunidad. Ito ay tinawag niyang "talking from the straw" (p. 131). Sa artikulo naman ni Alegre (1992) na Inumang Pinoy, tinukoy niya ang iba't ibang papel ng mga taong kasali sa inuman katulad halimbawa ng papel ng tagatagay, gayundin ang maituturing na golden rule sa inuman na "Ang alak ay inilalagay sa tiyan at hindi sa ulo," (p. 202) isang paalala na hindi katanggap-tanggap ang pagiging magulo ng asal o kilos sa isang inuman at ang tamang pakikisalamuha sa mga taong kainuman.

Isa sa pinakaimportanteng aktibidad at lugar para sa mga beki ay ang inuman. Dito sila nagtitipon-tipon upang magkuwentuhan tungkol sa mga pangyayari sa kanilang buhay. Dito rin sila nakakapagpalawak ng kanilang relasyong sosyal lalo pa at madalas ay may mga iba pang imibitadong mga kaibigan o bisita sa inuman. Sinasabi ng mga beki na ang pag-inom ng alak ay nakakapagpawala ng inhibisyon upang gawin ang mga bagay na hindi kayang gawin kapag wala ito sa sistema ng isang tao. Nakakapagpabago daw ng kilos ang pag-inom ng alak at ito ang

nakakatulong sa mga beki upang makuha ang ilang mga bagay na nais nila (tingnan sina Hardon at Tan (2017) para sa mga kahalintulad na pag-aaral tungkol sa pagkonsumo ng mga kabataan ng produktong may kemikal katulad ng alak). Isa o dalawang kuwatro (tumutukoy sa 700ml na Ginebra San Miguel gin) lang na ihahalo sa C2 (matamis na nakaboteng iced tea) kasama ang pulutan na madalas ay iba't ibang chichiria at ayos na ang gabi ng mga beki at ng kanilang mga kaibigan.

Madalas sa pakikipagbiruan sa mga beki ay naririnig ko ang salitang badlak – ibig sabihin ay bading (isa pang terminong kalapit ng kahulugan ng bakla) na may balak. Kalapit ito ng isa pang popular na biruan na maririnig sa mga inuman na "Kapag may alak, may balak." Ang badlak (na kasing-tunog ng salitang Ingles na bad luck) ay pabirong tumutukoy sa sinasabing "maitim na balak" ng isang beki upang magkaroon ng pagkakataong makasama sa isang aktibidad na sekswal ang isa sa kanyang mga kainuman. Marahil ang birong ito ay nanggaling ito sa katotohanan na karamihan daw sa mga aktibidad na sekswal o romantiko ng mga beki ay nagaganap sa konteksto ng inuman. Halos nasa sampu sa mga beki ang nagkwentong nakilala nila ang kanilang mga jowa o kasintahan sa isang inuman. Kumbaga, sa inuman nila unang naramdaman na may posibilidad na mauwi sa isang romantikong relasyon ang ugnayan nila sa mga ito. Subalit hindi lamang naman sa mga aktibidad na sekswal nauuwi ang isang inuman. Hindi rin lamang iyon ang dahilan kung bakit madalas silang nag-iinuman. Ito ay isang regular na gawain para sa mga beki. Ginagawa nila ito ng dalawang beses sa isang linggo o kaya ay mas madalas pa lalo na kung mayroong magpapainom dahil may kumita ng ekstra o mayroong may dinadalang problema.

Sa isang pagkakataon na nakasama ko ang mga beki sa ganitong aktibidad, naging saksi ako sa pagpapalitan nila ng mga kwento tungkol sa trabaho, sa problema sa pamilya at sa kanilang mga buhay pag-ibig. Ang inuman ay nagiging panahon rin upang maging bongga. Marami sa kanila ang dumarating na

nakapostura – nakasuot ng magandang damit at nakaayos ang buhok at mukha. Sa kalagitnann ng inuman ay mag-uumpok sila sa isang gilid upang mag-retouch ng kanilang make-up at mag-ayos ng kanilang buhok. Madalas na kung sino ang nakakaluwag, siya ang bumibili ng alak at pulutan. Bongga ang taong madalas na nagpapainom. Subalit dahil halos pare-pareho lamang ang kinikita, madalas na patak-patak o nagbibigay ng "kung magkano ang makayanan" ang lahat ng kasali sa inuman. Isang biro mula kay Vina, 35, na sa aking palagay ay isang komentaryo sa mga hindi marunong humati sa gastos ay ang sumusunod: "Dumating na walang-wala, umalis na lulang-lula." Sabi niya, isa daw itong biro subalit nakakahiya kung sa tuwing inuman ay iyon ang ibibiro sa iyo ng iyong mga kasama.

Sapagkat madalas may kasamang iba pang kaibigan o mga bisita ang ilang mga beki na dumarating sa inuman, ito ang nagiging daan upang makakilala ng mga bagong kaibigan (mas madalas na lalaki kaysa babae) ang mga beki. Mahigpit daw ang rule o pamantayan sa pagitan ng magkakaibigang mga lalaki at mga beki. Sabi ni Vina, sa isang inuman kung saan kasama mo ang mga lalaking kaibigan, dapat sigurado kang hindi ka lalagpas sa pagkilos ng isang kaibigan. Sa oras raw na lumagpas ka sa relasyong ito at hinaluan ng gawaing sekswal ang ugnayan sa mga kaibigang lalaki, magdudulot daw iyon ng pagkailang at magsisimulang masira at mawala ang inyong magandang ugnayan. Para sa kanya, mas mahalaga na panatilihin ang pakikipagkaibigan sa mga lalaki sapagkat mas kapaki-pakinabang para sa mga beki ang relasyong ito.

Ang halimbawang ibinigay niya ay ang sumusunod: Kung pupunta ka sa isang barangay kung saan walang nakakakilala sa iyo, malaki ang tsansang bibiruin ka o babastusin doon (dahil sa pagiging beki). Subalit kung sa lugar na pupuntahan mo ay may kaibigan kang lalaki, malaki ang tsansang ligtas ka doon dahil ipagtatanggol ka ng kaibigan mong lalaki o walang mangingiming mambastos sa kanila dahil mahihiya ang mga ito sa mga kaibigan nila. Hindi raw nila ipagpapalit ang

sandaling kasiyahan sa seks sapagkat sa pakikipagkaibigan sa ilang mga lalaking nakakainuman nila ay siguridad at kaligtasan ang makukuha nila. Ang kwento ni Vina ay nagpapakitang nakakaranas pa rin ang mga beki ng pakiramdam ng kawalang kasiguraduhan at kaligtasan sa sariling bayan.

Bukod sa nagiging pagkakataon upang makabuo ng mga bagong relasyong sosyal, ang inuman bilang isang aktibidad ay nagsisilbing tagpuan ng mga beki upang magpalitan ng mga kuwento tungkol sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Mahalaga ang pagiging regular ng aktibidad na ito lalo pa at ang mga kapwa beki ang pinaka-nakakaunawa sa kanilang mga pinagdadaanan sa pag-ibig man, pamilya o problemang pinansyal dahil sa pagkakahalintulad ng kanilang mga karanasan.



PIG. 5. *Kuha sa isang inuman. Isang paraan ng paggawa sa inuming pagsasaluhan – ang magkahalong iced tea at gin. Ang larawan ay kuha ng mananaliksik.*

*Buhay Beki sa Espasyong Online*

Sa kasalukuyan, marami sa mga beki ay ginagamit ang kanilang mga Facebook account upang ipakilala ang mga sarili at ipakita ang kanilang mga angking talento sa pagpapaganda. Dito nila ini-a-upload ang mga larawan ng mga nakaraang kostumer na inayusan o kaya naman ay ang kanila mismong larawan na naka-postura para daw maipakita sa mga friends o followers sa Facebook ang kanilang mga gawa (tumutukoy sa finish product). Nagiging mas madali ang usapan at mga transaksyon sa pagitan ng mga beki at ng kanilang mga customer dahil sa tulong ng mga larawang kanilang inilalagay sa Facebook. Halimbawa mula sa personal kong karanasan, Facebook ang ginamit naming paraan upang makipag-usap sa mga beki para sa kinukuha naming catering service at nakatulong ang mga larawang naka-post sa Facebook sa pakikipag-negosasyon. Ipinakita sa akin ni Vina ang mga larawan ng mga venue at mga okasyon na kanilang ginayakan (inayusan o pinaganda) at mula sa mga larawan ay maaaring pumili ang customer kung alin ang gusto nila. Maaari rin silang magbigay ng suhestyon kung alin ang maaaring baguhin (mula sa kung ano ang nasa larawan) depende sa kung magkano ang budget ng kanilang customer. Halimbawa, maaaring mas gawing magarbo ang gayak o mas pasimplehan ito. Gayundin sa make-up, maaaring magkaroon ng negosasyon sa pagitan ng beki at ng customer sa kung magkano ang presyo ng uri ng make-up o hairstyle na gusto ng huli. Tatanungin nila ang kanilang mga customer kung magkano ang halagang kaya nilang ibayad upang ma-i-akma nila ang produktong kanilang bibilhin at gagamitin sa gagawing pagmi-make-up sa kanila. Madalas na gumagana naman ang suki (mga regular nacustomer) system kaya nagkakaroon sila ng mga kustomer na paulit-ulit na kumukuha sa kanilang serbisyo. Bilang kapalit ay binibigyan naman nila ng discount ang mga ito. Mula sa naratibong ito ay makikta kung paanong ginamit ang espasyong online upang matugunan ang kanilang mga pangangailangang ekonomik na mahalaga upang

mabili nila ang mga pangunahing pangangailangang hindi lamang pangsarili kung hindi maging ang para sa kanilang pamilya na madalas na umaasa rin sa kanila.

Bukod mga rasong nakatuon sa ekonomik na aspekto, isa pang halaga ng espasyong online sa mga beki ay ang paggamit nila dito para sa kanilang "online rampa". Katulad ng nabanggit, dito nila itinatanghal ang kanilang mga sarili. Madalas silang naka-postura at naka-pose sa isang mapanghalinang paraan kasama ang caption o mensaheng nagpapahatid ng kanilang pagiging bukas sa paghahanap ng isang taong maaaring maging karelasyon. Halimbawa, si Jana, ang isa sa madalas na nagpapasaring na pagod na siya sa paghahanap ng mamahalin sapagkat lagi na lamang daw hindi natutugunan ang kanyang nararamdaman. Naikwento niya sa akin na dahil dito, nakatanggap siya ng ilang mga mensahe mula sa mga lalaki na gusto daw siyang makainuman at makausap. Ang ilan naman sa mga beki ay naglalagay ng mga larawang nagpapakita ng kanilang mga rampa kasama ang kanilang mga kasintahan at asawa. Sa espasyong online nila malayang naipagmamalaki ang kanilang mga karelasyon lalo na at hindi naman ito magawa sa personal ng ilan sa kanila dahil sa mga tatanggaping panghuhusga mula sa ilang mga taong nakapaligid sa kanila.

Isa pang mahalagang bahagi ng buhay online ng mga beki ay ang kanilang group chat (GC) kung saan nagaganap ang walang-katapusang usapan at biruan, gayundin ang pag-aalok ng mga raket at bahaginan ng mga paboritong produktong ginagamit. Isa rin itong lugar kung saan nabubuo ang mga plano para sa mga rampa, tambay at inuman. Minsan ay lugar din ito kung saan sila nagkakasamaan ng loob lalo na kung may mga lumalampas na sa ginagawang pagbibiro. Dito rin ibinabahagi ang mga impormasyong may kinalaman sa organisasyon lalo na kung may mga datos na kailangan ang lokal na pamahalaan mula sa grupo. Ang aktibong GC ay inidkasyon na mayroong nagaganap na aktibidad o mainit na paksang pinag-uusapan. Natatahimik ito sa panahong abala ang marami sa trabaho o sa

isang liga o kaya naman katulad nong panahon nang pagputok ng bulkan kung kailan nagkahiwa-hiwalay ang mga beki, nanahimik ang GC bilang indikasyon na walang nagaganap na aktibidad. Ang GC ang pangunahing daluyan ng impormasyon ng grupo at ang pagiging bahagi nito ay indikasyon ng pagiging lehitimong miyembro.

*Ang LGBT San Nicolas at ang paglikha ng mas makulay na mundo*

Sa kasalukuyan, ang mga beki sa bayan ay nasa proseso ng pagpapatatag at pagpapayabong ng isang organisasyong tinatawag nilang LGBT San Nicolas. Naisip ng grupo na gawing pormal ang kanilang samahan at ilapit ito sa lokal na pamunuan ng bayan upang pormal na kilalanin at bigyan ng suporta. Ang bilang ng mga opisyal na miyembro sa kasalukuyan ay 32 at pito sa kanila ang aktibong gumaganap sa kanilang tungkulin bilang mga opisyal ng grupo. Mula sa usapan namin ay lumutang ang pagnanais nilang magpatulong upang matugunan ang mga kahingiang dokumento mula sa kanilang grupo at gayundin ay upang makatanggap sila ng pagsasanay na tutulong upang maihanda sila sa pagiging opisyal ng organisasyon. Bilang tugon ay gumawa kami ng isang proposal para sa isang gawaing pang-ekstensyon na pinondohan ng Opisina ng Programang Pang-ekstensyon ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ilan sa mga naisagawang aktibidad ay ang leadership training at gender and sexuality workshop. Sa kasamaang palad ay hindi natapos ang proyekto dahil sa pinsalang naidulot ng pagputok ng Bulkang Taal at ilang buwan pagkatapos ng pangyayaring ito ay ang paglaganap naman ng pandemyang dulot ng COVID-19.

Sa kabila ng mga nabanggit na hamon ay nagpapatuloy ang kagustuhan ng grupong magpatuloy. Malakas ang kagustuhan ng grupo na maisakatuparan pa rin ang kanilang orihinal na layunin sa kanilang pagkakatatag. Nais ng grupo na ipakilala ang organisasyon sa mga mamamayan sa bayan at ipakita ang mga kaya

nilang magawa at maitulong para sa kanilang komunidad. Umaasa silang sa pagsasakatuparan ng mga layuning nabanggit ay magsisimula nang magbago ang pagtingin sa kanila ng mga taga-bayan at hindi na sila matatali sa mga strereotype na matagal nang ikinakabit sa kanila dahil sa kanilang kasarian. Bukod sa pagnanais na mabago ang imahe sa komunidad, nais rin ng grupo na makapaglunsad ng mga programang may tutok sa pagpapabuti ng antas ng pamumuhay ng mga kabataan, lalo na ng mga katulad nilang beki na nakakaranas pa rin ng diskriminasyon kahit sa mismong mga miyembro ng kanilang mga pamilya. Ilan sa mga kuwento ng diskriminasyong naibahagi ng mga beki ay ang pagtanggap ng masasakit na salita o pagpapalayas sa kanila sa kanilang mga tahanan dahil sa kanilang pagiging beki. Bagaman at hindi kasama sa grupo, may isang kwento rin mula sa isang nakatatandang beki na dumanas siya ng pisikal na pagpapahirap mula sa kanyang ama (katulad ng pagtatali sa puno) upang itakwil niya ang kanyang pagiging beki. Malaks ang pagnanais ng mga miyembro ng LGBT San Nicolas na maitigil na at maiwaksi ang mga ganitong gawain upang hindi na madala pa at danasin ng mga beki sa mga susunod na henerasyon

Sa kasalukuyan ay aktibo nang nakikilahok ang mga beki sa ilang mga gawain sa bayan partikular sa pag-aasikaso ng mga gawaing kaugnay ng pagdiriwang ng piyesta. Naging aktibo rin ang ilang mga miyembro sa pagtulong sa mga nangangailangan sa pamamagitan ng paglalaan ng panahon at enerhiya upang mamahagi ng mga ayuda o kaya ay ang pagbantay sa mga help center noong kasagsagan ng pandemya. Madalas ding naiimbitahan ang mga miyembro tuwing may programa sa bayan kung saan kailangan ng mga taong mangunguna sa pakikipag-usap at pag-uugnay sa mga tao. Ayon nga kay Tan (2001) kapansin-pansin sa maraming komunidad sa bansa ang pagiging mahusay ng mga bakla sa pag-oorganisa ng mga gawaing pangkomunidad kaya hindi na ito nakakapagtaka. Marahil ang talentong ito sa pag-oorganisa ay nagbubuhat sa pagiging malay ng

mga beki sa kanilang posisyong sosyal sa kanilang komunidad. Ang kanilang husay sa paglugar o ang kamalayan sa kung paano dapat sila kikilos at makikiharap sa mga tao ay isang kasanayang kanilang napagbuti sapagkat kailangang lagi nilang bantayan ang kanilang kilos upang makaiwas sa diskriminasyon.

## Konklusyon

Mula sa mga tinalakay na mga gawain at/o lugar sa itaas tulad ng pantalan o baywalk, pagrampa at inuman, makikita kung paanong binubuo ng mga beki ang mga epasyo kung saan kanilang maisasagawa ang mga bagay na tumutugon sa kanilang pangangailangan at bumubuo sa kanilang mga pang-araw-araw na buhay. Mahalagang malaman ang mga kwento at pagmamapang ito ng kanilang mga gawain at karanasan upang magkaroon ng mas buong kwento ang mga lugar na nais nating siyasatin at pag-aralan. Ang paggawa ng mga subaltern counterpublics (Fraser, 1990) ang siyang nagbibigay ng laya sa mga grupong katulad ng mga beki upang ipahayag ang kanilang mga nararamdaman at ipakita kung ano ang kanilang mga kakayanan o nais makamtan sa kanilang komunidad o sa alin mang lugar o espasyong kanilang inookupa. Isang katotohanan na ang pagiging beki sa kasalukuyang panahon, lalo na sa isang bayan na katulad ng San Nicolas, ay isang bagay na naglalagay sa isang tao sa isang posisyong sosyal kung saan kailangan niyang mas magsumikap upang ipakilala ang kanyang sarili at ipakita ang kanyang kakayahan. Kung gayon, mahalaga ang mga espasyong laan para sa kanila upang maramdaman nil ana hindi sila nag-iisa at bilang grupo ay may kakayanan silang umukit ng mga espasyong dapat lamang para sa kanila.

Ang pagbuo naman ng organisasyong katulad ng LGBT San Nicolas ay maaaring ituring na halimbawa ng tinawag ni Gieseking na "queer practice of producing space" kung saan malinaw ang intensyon ng grupo na ipaglaban ang

kanilang karapatan, iparinig ang kanilang mga kwento at ilahad ang kanilang mga karanasang madalas ay hindi nabibigyang pansin dahil natatabunan ng mas malalakas na boses ng mga dominanteng grupo. Bagaman at sa kasalukuyan ay wala pang mga ordinansang partikular na laan upang mapangalagaan ang karapatan ng mga beki sa bayan, may ilang mga siwang ng pag-asa na makikita dahil sa mga gawaing sinimulan ng grupo. Dalawa sa mga konsehal ng bayan sa kasalukuyan ay ipinagmamalaking sila ay bahagi din ng grupong LGBT kung kaya naman mas bukas sila sa pakikinig sa mga inilalapit ng grupo. Ilang aktibidad na ang pinangunahan ng LGBT San Nicolas at sinuportahan naman ng ang mga ito ng lokal na pamahalaan. Malakas ang pagtitiwala ng grupo na mula sa mga hakbanging ito, kalaunan ay hindi lamang mga puwang o espasyo ang kanilang malilikha kung hindi isang mundong may laang lugar para sa sa pagtatanghal ng ating pagkakaiba-iba.

## Mga Panghuling Tala

1. May mga prosesong linggwistik na pinagdaanan ang pagbabago ng terminong *bakla* patungo sa *beki*. Gamit bilang padron ang halimbawa ng mga linggwistik na proseso na nakalista sa artikulo nina Abaya at Hernandez (1998) at ayon kina Gallego, Hernandez at Javier (personal na pakikipag-usap, 2019), isang prosesong maaari nitong pinagdaanan ay ang vowel lowering (*bakla* > *bekla*) pagkatapos ay ang pagkakaltas sa bahagi ng terminong *bekla* upang maging *bek* (*bekla* > *bek*) at pagkatapos ay nagkaroon ng pagdaragdag ng vowel (*bek* > *beki*). Maaari rin namang nauna ang pagkakaltas (*bakla* > *bak*), pagdagdag ng consonant (*bak* > *baks*) at vowel lowering (*baks* > *beks*) at baryasyon nito ang *beki*.

2. Ang ilang bahagi ng papel na ito ay hinalaw sa aking tesis na ipinasa para sa pagtupad sa kahingian ng programang MA Anthropology sa Departamento ng Antropolohiya, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

## MGA SANGGUNIAN


Abaya, E. & Hernandez, J.F.C. (1998). Salitang Bakla: Makapangyarihan? Mapagpalaya? In E.A. Constantino, et al. (Eds.), *The Archive: Wika at Pagpapalaya, Mga papel ng Ika-8ng Kongreso ng Linggwistiks sa Pilipinas*. Quezon City: Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.

Alegre, E.N. (1992). *Inumang Pinoy*. Pasig City: Anvil.

Briones, M. (2011). Crossers at crossing: Narratives of work and aspirations of transgender informal workers in Los Baños, Laguna. *Philippine Quarterly of Culture and Society,* 39(1), 1-26.

Cannell, F. (1999). *Power and intimacy in the Christian Philippines*. Cambridge: Cambridge University Press.

Dalisay, S.N.M. & Landicho, M.B. (2018). Intangible Cultural Heritage for Disaster Preparedness, Recovery and Resilience Against Natural Hazards in a Community in San Nicolas, Batangas, The Philippines. In W. Iwamoto, M. Ohnuki, & Y. Nojima (Eds.), *Preliminary Research on ICH Safeguarding and Disaster Risk Management in the Asia-Pacific Region* (pp. 138-152). Osaka: International Research Centre for Intangible Cultural Heritage in the Asia-Pacific Region.

Delamont, S. (2007). Ethnography and Participant Observation. In C. Seale, Gobo, G., Gubrium, J. & Silverman, D. (Eds.), *Qualitative Research Practice* (pp.15-34). London: Sage Publications.

Frake, C.O. (1964). *How to Ask for a Drink in Subanun*. American Anthropologist (New Series), 66(6), 127-132.

Fraser, N. (1990), 'Rethinking the public sphere: A contribution to the critique of actually existing democracy', *Social Text,* 25/26, pp. 56–80.

Garcia, J.N.C. (2008). *Philippine Gay Culture: Binabae to Bakla, Silahis to MSM*. Quezon City: University of the Philippines Press.
Gieseking, J.J. (2020). Mapping lesbian and queer lines of desire: Constellations of queer urban space. *Environment and Planning D: Society and Space*, 38, 941 - 960.
Goffman, E. (1956). *The Presentation of Self in Everyday Life. Edinburgh*: University of Edinburgh Social Sciences Research Centre.
Halberstam, J. (2005). *In a Queer Time and Place: Transgender Bodies, Subcultural Lives*. New York:NYU Press.
Hardon, A. & Tan, M.L. (Eds.). (2017). Mo*dernizing Frontier: Chemical Transformations of Young People's Minds and Bodies in Puerto Princesa*. Quezon City: Department of Anthropology, University of the Philippines Diliman.
Ho, J. (2006). Embodying gender: Transgender body/subject formations in Taiwan. *Inter-Asia Cultural Studies*, 7(2), 228-242.
ILGA-Europe. (2014). ILGA-Europe Glossary. Retrieved from <https://ilga-europe.org/sites/default/files/ilga-europe_glossary_final_170714_www.pdf>.
Johnson, J.M. (1995). Beauty and Power: Identity, Cultural Transformation, and Transgendering in the Southern Philippines (Unpublished doctoral dissertation). University College London, England.
Landicho, M. B. (2020). Diskarteng Beki: Isang paglapit sa pang-araw-araw na buhay ng mga beki sa san Nicolas Batangas (Unpublished master's thesis). University of the Philippines Diliman, Quezon City.
Macnaghten, P. & Myers, G. (2007). Focus Groups. In C. Seale, Gobo, G., Gubrium, J. & Silverman, D. (Eds.), *Qualitative Research Practice* (pp.15-34). London: Sage Publications
Manalansan, M. IV. (2003). *Global Divas: Filipino Gay Men in the Diaspora*. Durham: Duke University Press.
Martinez, M. S. & Palis, J. (2021). 'Faces places: Countermapping art, subalternities and counterpublics', Art & the Public Sphere, 10:2, pp. 185–93, https://doi.org/10.1386/aps_00058_1
Municipality of San Nicolas. (2018). Municipal Water Supply, Sewerage and Sanitary Sector Plan.
Philippine Statistics Authority. (2020). Region IV-A (Calabarzon): Total Population by Province, City, Municipality, and Barangay: as of May 1, 2020. Retrieved from <https://psa.gov.ph/content/2020-census-population-and-housing-2020-cph-population-counts-declared-official-president>
Philippine Statistics Authority. (2019). Statistical Tables on Overseas Filipino Workers (OFW) 2018: Distribution of Overseas Filipino Workers by Sex and

Region 2018. Retrieved from <https://psa.gov.ph/statistics/survey/labor-force/sof-index>.

Rapley, T. (2007). Interviews. In C. Seale, Gobo, G., Gubrium, J. & Silverman, D. (Eds.), *Qualitative Research Practice* (pp.15-34). London: Sage Publications

Tan, M.L. (1998). Silahis: Looking for the Missing Filipino Bisexual Male. In P. Aggleton (Ed.), *Bisexualities and AIDS* (pp. 205-222). London: Taylor and Francis Group.

Tan, M.L. (1999). Walking the tightrope: Sexual risk and male sex work in the Philippines. In P. Aggleton (Ed.), *Men Who Sell Sex: International Perspectives on Male Prostitution and HIV/AIDS* (pp.241-261). Philadelphia, PA: Temple University Press.

Tan, M.L. (2001). Survival through pluralism: Emerging gay communities in the Philippines. Journal of Homosexuality, 40(3-4), 117-142. Co-published simultaneously in G. Sullivan & P.A. Jackson (Eds.), *Gay and Lesbian Asia: Culture, Identity, Community* (pp. 117-143). New York: Harrington Park Press.

*This page intentionally left blank.*